



Pagmementena ng Fire Sprinkler

Ang *Programa ng Pangangalaga sa Watershed ng Lalawigan ng San Diego* ay sumusuporta sa mga pagsisikap ng mga negosyo para maiwasan ang polusyon sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga mahahalagang Stormwater Best Management Practices (BMP) o mga Pinakamagandang Kaugalian sa Pamamahala ng Stormwater.

! Ang tubig na pinapakawala sa mga kalsada, gutter, at mga kanal sa Lalawigan ng San Diego ay HINDI PA NALINIS bago ito makarating sa ating mga lokal na sapa, ilog, at sa karagatan. Ang lahat ng pinagmumulan ng polusyon ay pinagbabawalang makaalis sa inyong pag-aari at mapunta sa mga kalsada o kanal. Tubig-ulan lang ang pinapayagan sa mga kalsada at mga kanal. **Ang mga tip na ito sa pagmementena ng fire sprinkler ay makakatulong para panatilihin malinis ang ating mga daanan ng tubig.**

- Isaalang-alang ang laki ng sistema at tagal ng test para makapagplano nang sapat na BMP.
- Walisin at pulutin ang anumang basura, maliliit na basura, at mga banlik (sediment) sa tubig na umaagos sa ibaba mula sa maintenance test area.
- Pansamantalang proteksyunan ang kalapit na inlet ng kanal.
- Kung naiinom ang tubig, isiping irecycle o itapon ito sa landscape.
- Itapon ang tubig na ginamit na pantesting sa hukay na lagusan, tangke na lalagyan o anumang nalalagusan (basta't maaari nitong masipsip ang lahat ng tubig).
- Itapon ang maruming tubig sa imburnal nang may paunang pahintulot mula sa ahensyang namamahala nito.

! Ang pagpapakawala ng mga dumi nang direkta o di-direkta sa loob ng kanal o daanan ng tubig ay isang paglabag sa Watershed Protection Ordinance (WPO) o Ordinansa sa Pangangalaga ng Watershed ng Lalawigan. **Obligadong sumunod ang negosyo ninyo sa WPO at sa mga sumusunod na pinakasimpleng BMP.**

maaari nating
pangalagaan ang ating
mga daanan ng tubig

sa kaunting
hakbang lang.

salamat sa paggawa ng inyong bahagi para pangalagaan ang ating mga daanan ng tubig.



Para sa karagdagang impormasyon, tumawag sa Stormwater Hotline sa **(888) 846-0800** o bisitahin ang www.sandiegocounty.gov/stormwater para sa WPO.